NATIONAL ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES AT SENIOR SECONDARY LEVEL

PUBLIC EXAMINATION

# 2000 FILIPINO

**EXTENDED LEVEL**

**PAPER 1: PROCESSING SPOKEN INFORMATION**

**TRANSCRIPT OF PASSAGES**

*Agency copy only*

***Not for distribution***

© Board of Studies NSW 2000

**AKDA 1 / *PASSAGE 1***

Patalastas sa Radyo

Magandang umaga po sa inyong lahat.

Ang ating Kapisanang Pilipino at ang Kapakanang Pang-kabataan at Pang-kultura (Youth and Cultural Affairs) ay magpapatimpalak upang bigyang kahalagahan ang ating wikang pambansa, ang Filipino. Alam po nating kapag tayo'y mahusay na sumulat at magsalita sa ating wika, maraming mga iba't-ibang kabutihan ang ating makukuha.

Una, madali tayong makikipag-usap sa kapwa Pilipino at makikipagpalitang-kuro tungkol sa mga iba't-ibang bagay at suliraning pinagtatalunan.

Pangalawa, ito ay makapagpapaunlad sa ating katayuang pandaigdig.

Pangatlo, madaling magkakaisa tayong mga Pilipino kung may sarili tayong wikang nagbubuklod sa ating isip at diwa.

Ang taong bihasa sa kanyang wika ay makapagmamalaki sapagka't ang mga aklat at mga lathalaing Filipino ay kanyang mababasa at mauunawaan. Ang kanyang mga kaalaman at kasanayan ay maipamamahagi sa ibang tao-maging sa kapwa Pilipino o banyaga.

Gusto ko pong ipahayag na itong timpalak na binanggit ko ay para sa ating mga kabataang mula sa labing-lima hanggang sa labing-siyam na taon.

Ang timpalak ay ang pagsulat ng isang sanaysay tungkol sa kung bakit gusto mong bumisita sa Pilipinas at kung bakit mo pinag-aaralan ang wikang Filipino.

Ang isasaling sanaysay ay dapat na di-humigit-kumulang sa 120–150 salita.

Ang pangunahing premyo ay libreng paglalakbay sa Pilipinas para sa dalawang tao, libreng panuluyan sa "Holiday Inn" sa Maynila sa loob ng isang linggo at limang-daang dolyar ($500) na panggastos.

Ang pangalawang premyo naman ay limang-daang dolyar ($500.00).

Ilalathala ang mga mananalong sanaysay sa Pilipino Chronicle.

Dapat matanggap ang mga lahok bago mag-ika-31 ng Disyembre, Ang adres ay Rizal Young Writer's Award PO Box 189, Central Town, NSW, Australia, 2018.

"Good luck" sa inyong lahat.

**AKDA 2 / *PASSAGE 2***

A = Angelo N = Natalie

A Natalie, narinig mo ba ang patalastas sa radyo tungkol sa timpalak ng pagsusulat sa Filipino?

N Oo, gusto ko ngang sumali eh. Ibig kong madalaw ang aming mga kamag-anak at kaibigan sa Pilipinas

A Ako man. Gusto ko ring makita ang mga magagandang pook pang-turista gaya ng Boracay, Bulkang Mayon, Baguio at iba pa.

N Mura ang mga damit at sapatos sa Pilipinas. Gusto kong mamili sa Divisoria at Marikina.

A May limang taon na akong hindi nakakauwi sa Pilipinas. Gusto kong makita ang mga pagbabago roon.

N Madaling magbigay ng mga dahilan kung bakit gusto kong bumisita sa Pilipinas pero medyo mahirap yatang magbigay ng mga dahilan kung bakit ko pinag-aaralan ang wikang Filipino.

A Bakit naman hihirap? Hindi ba't sa pamamagitan ng wikang Filipino, ang mga kabataang Pilipino ay madaling makikipag-alaman sa mga nakakatanda? Ito ay makakaragdag sa ating kaalaman ng ating kultura at buhay-Pilipino.

N Ito ay makakatulong sa pagbuklod ng ating kaisipan at kaugalian.

A Magandang isama yan. Bakit hindi mo idagdag na ang kaalaman ng wikang Filipino ay nakakatulong sa pag-unawa ng wika bilang isang sistema. Dahil marunong tayo ng wikang Filipino at Ingles, mas madaling matututuhan ang iba pang wika.

N Okey 'yan a! Kaya sa ibang trabaho lalo na kung may kinalaman sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa, gusto ng mga may patrabaho na ang kanilang kawani ay marunong ng iba pang wika bukod sa Ingles. Gumaganda at lumalaki ang mga pagkakataong umunlad sa Australya para sa mga taong marunong magsalita ng Filipino-sa negosyo, turismo, kainan at hospitalidad, midya, at iba pa.

A Oo nga. Kahit na ang Ingles ay nauunawaan ng karamihan sa Pilipinas, ang kakayahang makipag-usap sa Filipino ay napakahalaga sa pagpapatibay ng mga kaugnayang sosyal sa pangangalakal.

N Ito rin ay makakatulong sa matagumpay na pagkakasama-sama ng mga Pilipino sa lipunang Australyano. Makakatulong din ito maging sa mga ibang lahi sa Australya. Magiging paraan din ito sa pakikipagtalastasan sa Pilipinas. Ang Pilipinas ay mahalagang kasamahan ng Australya sa Asya—sa ekonomiya at mga iba't ibang kalakal nito.

A Siyanga pala, hindi ba't nakakatulong ito sa pagpapahalaga, pagbasa at pag-intindi ng mga akdang Filipino gaya ng mga kwentong kutsero, alamat, pabula, at iba pa? Lalo nating mapahahalagahan at maipagmamalaking tayo ay Pilipino.

N Sa palagay ko eh ay marami na akong ideya para sa timpalak.

A Oo nga. Maaari bang gamitin ko rin 'yan sa aking lahok? Ibig ko ring sumali. Tutal, kapwa naman tayong nag-aaral ng Filipino.

N Oo! Okey lang, 'yon